Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-112-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Sa puntong ito ay inulat ng lupong naatasan upang siyang bumalangkas ng mga alituntunin sa pagpapatakbo ng sabungan at pagkakaloob ng pagtitibay sa pagdaraos ng Special Sabong/Pintakasi sa bayan ng Santa Rosa. Matapos ang maikling pagpapaliwanagan ay pinagpasiyahan ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXIX-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATADHANA NG MGA PANUNTUNANG NARARAPAT TUPDIN SA PAGPAPATAKBO NG SABUNGAN AT PAGKAKALOOB DITO NG PAHINTULOT SA PAGDARAOS NG SPECIAL SABONG/PINTAKASI.

PANGKAT 1. Ang Kahilingan sa pagdaraos ng "Special Sabong o Pintakasi" ay nararapat ihain sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan labing-lima (15) araw bago idaos ang Pasabong;

PANGKAT 2. Ang ipagkakaloob lamang na pahintulot sa pagdaraos ng "Special Sabong/Pintakasi" sa bayan ng Santa Rosa ay hindi lalampas sa labing-dalawang (12) araw sa loob ng isang buwan; o katumbas ng tatlong araw sa loob ng isang linggo;

PANGKAT 3. Pananatilihin ng may-ari ng sabungan ang kalinisan at kaayusan ng sabungan at kapaligiran nito;

PANGKAT 4. Ipinagbabawal ang pagdadala ng anumang armas o patalim na makakasakit o makamamatay ng kapwa sa loob ng sabungan;

PANGKAT 5. Ipinagbabawal ang pagtitinda ng beer o anumang inuming nakalalasing sa loob ng sabungan;

PANGKAT 6. Ipinagbabawal ang pagpapapasok ng batang may edad labing-lima (15) pababa, mananaya, magtitinda o manonood man;

PANGKAT 7. Ang paglabag sa Kautusang ito ay magiging dahilan upang ipawalang bisa ang pahintulot sa pagdaraos ng Special Sabong/Pintakasi o maari ding maging dahilan ng pagpapawalang bisa ng Pahintulot sa pagpapanapbuhay ng may-ari ng sabungan.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. ARTADIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. ATONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

BULTNO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-113-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

PANGKAT 8. Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa matapos itong maipaskil ng 10 araw sa mga lugal na madaling mabasa ng mga mamamayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

****

KAPASIYAHAN BLG. 78-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan nu Kag. Marcelo)

ANG KAPASIYAHAN
na nagtitibay sa Kahilingan ng Santa Rosa Coliseum na makapagdaos ng "Special Sabong/Pintakasi para sa Agosto 3, 4, 5, 10, 11, 12, 17, 18, 19, 24, 25, 26, ng taong 1992.

IPINASIYA din na italaga ang Pambayang Paanakan bilang tagapakinabang ng mga Special Sabong na idaraos sa buwan ng Agosto.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****

KAPASIYAHAN BLG. 79-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN
na nagtitibay ng pagbibigay pahintulot sa Punong-bayan Roberto R. Gonzales na pumasok sa isang kasunduan upang maisakatuparan ang karagdagang Pagsasaayos (improvement) ng Multi-purpose building.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****

ANTONIO B. DIGTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. SATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON E. MARCELO
Kagawad